



Magandang Umaga/Magandang Hapon,

Ang Kagawaran ng Pagsusuri at Suporta (Department of Review and Support) sa Ahensya ng Edukasyon sa Texas (Texas Education Agency, TEA) ay nagsisikap na mapabuti ang mga serbisyo sa espesyal na edukasyon para sa mga lokal na ahensya ng edukasyon (LEA) ng Texas. Ang proseso ng pagsusubaybay ay inilaan upang matulungan ang mga distrito ng paaralan na patuloy na mapabuti ang mga serbisyo at padaliin ang positibong kalalabasan ng mga estudyante. Bilang isang stakeholder na sangkot sa espesyal na edukasyon, mahalaga ang iyong puna para maipa-alam ang pag-unlad ng aming proseso.

Kabilang sa mga aktibidad sa pagsusubaybay ng estado ang pagsisiyasat, pag-uulat at pagwawasto ng hindi pagsunod ng pederal o estado sa mga patakaran at pamamaraan ng espesyal na edukasyon. Maaaring kasama sa mga aktibidad ng pagsubaybay ang isang sariling pagtatasa ng distrito, isang on-site na pagbisita o iba pang mga aktibidad ng TEA.

Ang iyong distrito ay nakikilahok sa espesyal na edukasyon "Ang Proseso ng Pinag-ibang Pagsubaybay at Suporta (Differentiated Monitoring and Support Process)". Mangyaring magbigay ng puna sa pamamagitan ng 10-20 minuto na sarbey na ito. Ang impormasyong ito ay importante sa abilidad namin na magbigay ng impormasyon sa mga LEA patungkol sa mga resulta ng kanilang pagsubaybay.

Ang layunin ng sarbey na ito ay ang mangolekta ng impormasyon at baguhin ang suporta para sa lahat ng mga distrito sa Texas. Ang anumang mga komento o alalahanin na tukoy sa iyong distrito ay dapat na direktang ipadala sa iyong kawani ng distrito ng paaralan sapagkat ang mga tukoy na alalahanin ay hindi ipapasa mula sa TEA papunta sa mga distrito.

Pagiging Kumpidensyal ng Datos

Ang iyong mga tugon ay susuriin lamang sa loob upang tulungan ang TEA sa proseso ng pagsubaybay. Ang impormasyon na ibabahagi mo ay kumpidensyal sa lawak na pinahihintulutan ng batas. Ang mga tugon sa sarbey ay maaaring napapailalim sa mga kahilingan sa pampublikong impormasyon alinsunod sa *Batas sa Pampublikong Impormasyon*. Code ng Pamahalaan ng Texas, Kabanata 552.

Paglahok o Pag-atras

Ang paglahok mo sa pag-aaral na ito ay boluntaryo. Maaari mong tanggihang sagutin ang alinmang katanungan at may karapatan kang umatras as paglahok anumang oras.

Mag-klik sa link sa ibaba upang kumpletuhin ang sarbey:

[Sarbey ng Stakeholder](#)

Kung mayroon kang anumang mga katanungan, komento o alalahanin, makipag-ugnayan sa Ahensya ng Edukasyon sa Texas, Departamento ng Pagsusuri at Suporta (Texas Education Agency, Department of Review and Support) sa reviewandsupport@tea.texas.gov.

Kung nais mo ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga mapagkukunan na nakalista sa loob ng sarbey, mangyaring makipag-ugnayan sa departamento ng Pagsusuri at Suporta (Department of Review and Support) sa reviewandsupport@tea.texas.gov.

Maraming salamat.

Department of Review and Support
Texas Education Agency
reviewandsupport@tea.texas.gov.
512-463-9414